Governor Douglas Cagas also called upon the people saying, “Ayaw mo pagpanic, adunay Diyos! Ampo lang kanunay.” Meaning, “Do not panic. There is God! We should always pray.” And we prayed and prayed, Mr. Speaker, for deliverance, to strengthen the weary, console the grieving, heal the suffering, and bless those who engaged in disaster relief efforts with safety and courage.

Mr. Speaker, if there is one lesson that we have learned from this experience it is that trials remind us that we are often stronger than we know, with the help of grace and one another. They remind us of hope beyond all pain and death, and a God who welcomes the lost to a house not made with hands. They also remind us that we are tied together in this life, in this nation, and that the despair of one, touches us all. Neither rich nor poor, we found a common ground amongst us and that is selflessness.

I, like other Filipinos, have been encouraged and moved by the way people pull together in times of crisis. I felt proud of the work of our emergency and social services. And I, like many Filipinos, feel that I have been given a glimpse into the future we will face if we do not act to cut down pollution and prevent further climate change.

Today, we acknowledge the terrible toll of this natural disaster and express our condolences to the families and friends who have lost their loved ones. We cannot share their feelings of grief but we can give them our thoughts in the hope that, with time, healing can begin. And we, Congressmen and Congresswomen, can give them due courtesy and respect by taking the responsibility of doing whatever we can to mitigate the impact of disasters on vulnerable populations and respond effectively to their consequences.

This is a strong reminder that disaster risk reduction must remain a top priority for the future of this country. We urge all government, civil society and the private sector, international financial institutions and other international organizations to invest their efforts in disaster reduction and to implement concrete measures to reduce vulnerability as we anticipate the “Big One” earthquake in Metro Manila, as what seismologists have declared, that 8.1 intensity will come here in Manila

At this point, allow me to express my gratitude to all the colleagues, most especially to our Speaker, Hon. Alan Peter Cayetano, and to Senator Pia Cayetano who sent this message, “We are deeply saddened to learn of the loss of life and the devastation in your province and district.”

I also thank Senator Angara, Senator Villar, Senator

Bong Revilla, Senator Koko Pimentel, the PBA Party-List in the person of Reps. Karlo and Koko Nograles, to Senator Gatchalian, the Dominican Sisters of Tanay, Mayor Sara Duterte, of course, our very own President, Rodrigo Roa Duterte, Senator Bong Go, to Senato Migz Zubiri for bringing Mme. Audrey Zubiri to distribute the goods from the CSFI of the Senate, and Congresswoman Mylene Albano for bringing SM of Davao. For this assistance, Mr. Speaker, that they have extended to the province of Davao del Sur and to this Representation, be it in form of relief goods, prayer or even a call to comfort. The province of Davao del Sur will forever be indebted to you.

Sa inyo pong lahat, maraming salamat po sa pagbibigay sa inyong lingkod ng pagkakataon na kumatok muli sa inyong mga mabubuting puso upang humingi ng tulong para sa ating mga kababayang nasalanta ng lindol sa Mindanao.

In closing, Mr. Speaker, may I be allowed to show a video clip and footage in Davao del Sur taken during the earthquakes last October.

Thank you, and God bless us all.

*(Video presentation)*

REP. CAGAS. Mr. Speaker, I would like to thank you and my colleagues here in Congress for giving me the chance to show the video clip of the footages during the devastation of the three tremors that hit my province, Davao del Sur.

Salamat sa inyong lahat. *(Applause)*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.F.). Mr. Speaker, I move that we refer the speech of the Hon. Mercedes “Didi” Cagas to the Committee on Rules for its appropriate action.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Is there any objection? *(Silence)* The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.F.). Mr. Speaker, I move that we recognize Rep. France L. Castro from the Party-List ACT TEACHERS to avail of the Privilege Hour.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The Hon. France Castro is recognized for her privilege speech.

PRIVILEGE SPEECH OF REP. CASTRO (F.L.)

REP. CASTRO (F.L.). Maraming salamat po, Mr. Speaker.

Magandang hapon, Mr. Speaker, at sa aking mga ka-Mambabatas.

Narito ako upang ipaabot ang SOS ng mga guro sa iba't ibang panig ng bansa. Paghingi ito ng agarang aksyon upang ipatigil ang mga kilos na nagpapasapanganib sa kanilang buhay at kaligtasan, at nagsasabotahe sa kanilang mga karapatang sibil at ekonomiya, pati na rin ang karapatan ng mga batang nasa pangangalaga nila sa edukasyon.

Sa Bicol, Mr. Speaker, mga opisyal at ahensiya ng gobyerno mismo ang nagbubuo ng organisasyon na kukumpetensya sa mga grupong tunay na binuo ng mga guro at kawani mismo, sa tabing ng isang so-called "DepEd Employees Association Coordinating Office."

Nagpapatawag ng mga pulong at eleksyon ang DepEd. Kunwari ay konsultasyon daw para sa mga "without legal personality," ibig sabihin ay ang mga hindi accredited o registered na unyon. May umabot ding ulat sa amin na nakakaramdam ng pressure mula sa militar ang DepEd sa Region V, na dapat sanang humarap sa ating mga guro sa isang collective negotiation. Kaya naman, Mr. Speaker, limang buwan nang hindi nakakapagpasimula ang mga proseso nila sa Collective Negotiation Agreement na dapat sana ay hindi lalagpas ng apat na buwan mula sa accreditation at registration. Apat na mahahabang buwan, Mr. Speaker, na naantala ang negosasyon para sa mga monetary and non-monetary benefits, at mas makataong working conditions ng mga public school teachers.

Kamakailan, apat na beses na binigyan ng maituturing na death threat ang Presidente ng ACT-Bicol Region Union na si Sir Oliver Lucenario—brown envelopes na naglalaman ng mga personal information, mga larawan niya at ng kaniyang pamilya, mga cellphone numbers at password, pati kopya ng Executive Order No. 70. Ang mistulang dossier na ito, cellphone numbers at password ay ibinigay din ng mga nagpakilalang ahente ng NICA at OPAPP sa ilang mga aktibista sa Bicol na binibisita nila. Ang numbers at password daw ay upang kontakin ang mga ahenteng ito sakaling nais magbalik-loob daw ang mga aktibista sa pamahalaan.

Samantala, patuloy ang pagpasok ng mga militar at pulis sa mga eskuwelahan sa Bicol sa pamamagitan ng mga kunwaring seminar ng Kabataan Kontra Droga at Terorismo, kung saan ay pinararatangang rebelde at dapat itakwil ang mga progresibong organisasyon. Ang NICA ay naglulunsad ng mga katulad na forum sa iba't ibang ahensiya kung saan ang mga progresibong organisasyon gaya ng Alliance of Concerned Teachers, Karapatan at iba pa ay nile-label bilang komunista at kaaway ng pamahalaan. Dalawang human rights workers ay pinatay sa Sorsogon noong Hunyo, sina Ryan Hubilla at isang senior high school student at si Ma'am Nelly Bagasala.

Sa Cordillera Administrative Region naman ay may isang PNP station na sumulat sa lahat ng mga eskuwelahan at hinihingi ang listahan ng lahat ng

mga miyembro ng ACT. Ang mga aktibidad ng ACT Cordillera na dating binigyan ng laya ng DepEd, ngayon ay hindi na pinapayagang ilunsad. Sinasabi na their objectives are "not consistent with the DepEd's objectives." Umiikot din ang mga ahente ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict at EO 70 sa mga barangay at iba pang local government units, sa SUCs, sa mga ahensiya ng pamahalaan—parehong linya at kasinungalingan na ang mga progresibo gaya ng ACT ay legal fronts daw.

Sa Central Luzon, buong puwersa ang pulis, militar at mga ahenteng kampon nito sa ilegal na intervention sa Certification of Election para sa union ng public school teachers. Habang inilulunsad ang campaign para sa Certificate of Election, talamak ang paninira sa mga lider at organisador na mga guro, sa loob at labas ng mga meeting ng principals at division officials pinatatawag ng NICA at NTF ELCAC. Talamak din ang paglalagay ng tarpaulin na may "no to union" na panawagan at red-tagging sa mga kandidatong unyon, ang ACT Central Luzon at ang ASSERT. Ang sabi ng isang tinanggalan ng tarpaulin, huwag daw tanggalin dahil magagalit ang mga pulis na nagkabit at sa ilang okasyon, nakitang ang mga pulis mismo ang nagkabit ng mga tarpaulin.

May paninirang tarpaulin din hanggang sa aktwal na eleksyon. Ginagamit din ang supervisors at principals para takutin ang teachers na huwag bumoto sa ACT. Sa Tarlac mismo, actual presence of fully armed police sa mga presinto. Dokumentado rin ang pagtanim ng irregular checkpoints sa lahat ng polling precincts, inuutusan ang mga regional office daw na i-monitor. Naglikha ito ng takot sa mga gurong dapat sana ay boboto at magbantay sa eleksyon. Malaki rin ang naging epekto ng pagkakulong sa gawa-gawang kaso kay Digna Mateo, isang organisador ng ACT at volunteer church worker.

Sa Eastern Visayas, Mr. Speaker, ilang eskuwelahan ang naaapektuhan sa sunud-sunod na pagbobomba ng ilang barangay. Madaling araw ang bombahan at umabot ng ikaanim ng umaga.

Sinasabi ng AFP na kampo daw ng mga NPA ang kanilang binobomba, pero saan nila pinaulan ang mga bomba nila? Sa mga barangay, sa mga eskuwelahang naghahanda sana sa mga klase sa araw na iyon o hindi kaya ay kasalukuyang nagkaklase, sa mga koprahan na kasalukuyang tinatrabaho ng mga magsasaka roon. Madalas nadi-disrupt ang classes dahil sa pagkakampo ng mga militar.

Sa Magsaysay National High School, halimbawa, nagtayo sa gitna mismo ng barangay ng kampo ng mga sundalo. Sinabihan sila ng isang lider-guro, "Hindi ninyo ba alam na hindi kayo puwedeng magtayo ng kampo sa loob o malapit sa komunidad? Inilalagay ninyo sa panganib ang buong komunidad namin." Ang sagot sa kanila ng mga sundalo, "Iyon ang utos sa amin,

magkampo dito dahil nandito ang NPA.” Sa paggigiit ng komunidad kasama ang mga kasapi ng ACT, unti-unting umalis ang militar pero tuloy pa rin ang operasyon. Naglunsad ng camping ang Boy Scouts at Girl Scouts noong nakaraang linggo, at habang nagka-campfire, dumating ang mga sundalo. Akala ng mga guro at mga bata ay giyera na, at sa takot nila, nagpulasan sila ng takbo. Hanggang ngayon, Mr. Speaker, ang mga guro sa eskuwelahan na ito ay ayaw bumalik sa eskuwela dahil sa nangyayaring militarisasyon sa lugar.

Bukod sa ilegal encampment ng militar sa pamayanan at pagbobomba, nagsasagawa ng information caravan ang AFP, nagsasagawa sila ng school hopping, tinutukoy ang ACT bilang front daw ng CPP. Ang pangamba ng guro, opisyal ng mga eskuwelahan at magulang, tila ginagawa sa kanila ang ginagawa ng NTF-ELCAC sa eskuwelahan ng mga Lumad sa Mindanao. Walang patlang na harassment at pananakot sa kunwaring basihan na ang mga guro at school personnel daw ay NPA, pagbobomba, pagpupuwesto ng militar sa loob ng komunidad, at hindi lalaon ay matigil ang mga klase at practically maisara o maitigil ang operasyon ng eskuwelahan.

Sa Caraga, ang mga eskuwelahan ay pinapasok din ng mga pulis na kunwaring dahilan na kumukuha sila ng impormasyon sa mga aktibidad at miyembro ng ACT. Di nakuntento sa paglalagay ng nakabuntot na surveillance sa isang lider-guro, isinailalim pa siya sa interogasyon sa loob mismo ng kaniyang opisina.

Mr. Speaker, ilan lang ito sa mga insidente ng pagsasapanganib sa buhay ng mga guro at mga estudyante, pananakot, harassment, ilegal na pangiangalam ng pulis, militar at ahente ng pamahalaan sa pag-uunyon, at iba pang paglabag sa batas. Buong laya itong naisasagawa gamit ang lisensyang Executive Order No. 70 at NTF-ELCAC, Memorandum Order No. 32, at deklarado at hindi deklaradong martial law.

Tanong ng mga guro, Mr. Speaker, “Bakit kami ginaganito? Bakit tina-target ang aming pamilya at ang komunidad, at kapwa nagtrabaho sa edukasyon at sa pamahalaan? Akala namin ay ligal ang pag-uunyon, ang pagsasabi ng nasa loob namin kabilang ang daing namin sa salary, trabaho at presyo? Kung gayon, bakit sinasabing rebelde ang mga organisasyon ng mga guro na itinuturing na paglaban sa gobyerno ang aktibidad namin, at isinasantabi bilang hindi lehitimo ang mga daing?”

Mr. Speaker, kung tunay nga ang paratang na mga “legal front” ang mga progresibong organisasyon gaya ng mga unyon ng mga public school teachers, may mga basihan at proseso ang pagkwestiyon sa ligalidad. Definitely, hindi kabilang dito ang union busting at intervention in the organizations by public officials including the military and police. At hindi katanggap-tanggap, ang mga kilos ng militar at pulis kung habang may union busting at illegal intervention, inilalagay sa panganib ang buhay at kaligtasan ng ating mga

mamamayan, gaya ng indiscriminate bombing sa mga komunidad, encampment sa mga sibilyang lugar gaya ng barangay at eskuwelahan, surveillance, at iba pang mga ini-report ng mga guro sa atin.

Hangga’t hindi idinadaan sa due process at itinatakda ng batas ang mga unyon at organisasyon ng mga guro, wala silang ibang maisip na dahilan sa mga atakeng ito bukod sa layunin ng administrasyon na takutin ang sinumang pupuna sa mga mali nito gaya ng kontra-mamamayang polisiya nito. Layuning patahimikin ang pinagsama at pinalakas na tinig ng mga nananawagan para sa disentang sahod, sa mababang presyo, sa pagpapatigil sa kontraktwalisasyon at iba pang isyu ng mga manggagawa, sa karampatang badyet para sa batayang mga serbisyo, sa katarungan sa extrajudicial killings at human rights violation, at sa pangkabuuan, para sa kapayapaang nakabatay sa hustisya sa lipunan.

Mr. Speaker, at mga kasamahan dito sa Kongreso, hinihiling ko na dinggin ng Kongresong ito ang SOS ng mga guro. Kagyat, nais nilang pag-usapan na ng kanilang district at sectoral representatives sa Kongresong ito ang mga isyung malapit sa kanilang sikhura, nakabubuhay na sahod at benepisyo, presyo, sa trabaho at iba pa. Ito lang naman kasi ang dahilan kung bakit sila nag-oorganisa. At kaugnay dito, nais din nilang pag-usapan sa Kongreso ang hustisya para sa kanilang mga kasamang guro, kaanak, kasama sa komunidad na pinaslang, sinaktan, hinaras, sinampahan ng gawa-gawang kaso at tinatakot dahil lamang sa isinusulong nilang mga isyung malapit sa kanilang sikhura. Maaari tayong magsimula sa mga batas at resolusyon laban sa red-tagging, union busting at illegal intervention sa mga organisasyon.

So, ito lang, Mr. Speaker, maraming salamat, at muli, magandang hapon po sa ating lahat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The Majority Leader is recognized.

REP. NOGRALES (J.F.). Mr. Speaker, I move that we refer the speech of Hon. France L. Castro to the Committee on Rules for its appropriate action.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. NOGRALES (J.F.). Mr. Speaker, I move to recognize Rep. Arlene D. Brosas from Party-List GABRIELA for her privilege speech.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Hon. Arlene D. Brosas is recognized for her Privilege Speech.

## PRIVILEGE SPEECH OF REP. BROSAS

REP. BROSAS. Thank you, Mr. Speaker. I am just waiting for the flash drive of my presentation.

G. Ispiker, aking mga kapwa Kinatawan, magandang hapon sa inyong lahat.

Ipinagdiriwang ng mga kababaihan sa buong mundo ang International Day for the Elimination of Violence Against Women o IDEVAW. Kasabay nito ang taunang pagtatakda ng National Consciousness Day for the Elimination of Violence Against Women and Children ang Nobyembre 25 sa bisa ng Republic Act No. 10398, ang batas na matagumpay na naipasá natin sa Kongreso sa pangunguna ng GABRIELA Women's Party.

Kung babalikan natin ang kasaysayan, ang IDEVAW ay pagkilala sa tatlong magkakapatid na Mirabal, sina Patricia Mercedes, Maria Argentina Minerva, at Antonia Maria Teresa, tatlong magiging na kababaihan na kinikilalang mga pambansang martir sa kanilang bansa na Dominican Republic. Sila ang namuno sa *Las Mariposas* at June 14th Movement, ang kababaihang lumaban sa diktadurya ni Generalissimo Rafael Trujillo kasama ang kani-kaniyang mga asawang kasapi sa makakaliwang underground movement.

Tila nanunumbalik ang malagim na kasaysayan, kasunod ng kaliwa't kanang protesta at pagkilos sa iba't ibang bahagi ng mundo dahil sa papatinding diktadurya at militaristang paghahari sa maraming bansa. Sa Hong Kong, Bolivia, Chile at Iraq ay patuloy ang pakikibaka ng mamamayan laban sa korapsyon sa gobyerno, panunupil ng estado, nabubulok na kalagayang pang-ekonomiya at panghihimasok ng mga imperyalistang bansa.

Maging dito sa Pilipinas, patuloy ang panawagan ng masang Pilipino para sa regular na trabaho, disente at abot-kayang pabahay, tunay na repormang agraryo at pagpigil sa militarisasyon ng mga komunidad. At dahil sa lumalalang estado ng bilyon-bilyong Pilipino sa ating bansa at ibayong dagat lalong naiipit ang mga kababaihan bilang pinakabulnerableng sektor sa ating lipunan. Bagama't nananatiling mataas ang grado ng Pilipinas sa Global Gender Equity Index, namamayagpag pa rin ang pyudal-patriyarkal na pagtingin sa mga kababaihan lalo na at ang pinakamataas na opisyal sa ating bansa ang tila nangunguna sa pagpapalaganap ng ganitong klaseng kultura.

Sa usapin ng human rights napakaimportanteng makita kung ano ang nagiging papel ng ating pamahalaan kasunod ng kaliwa't kanang kaso ng pagyurak sa karapatan at lalong tumitinding kultura ng impyunidad sa ating bansa, ngunit dito sa Pilipinas, malaking porsiyento ng human rights violations ay suportado pa ng Estado.

Noong 2018, nagsagawa ng isang dokumentasyon ang Center for Women's Resources tungkol sa state-perpetrated violence against women. Lumabas sa

kanilang monitoring na 59 na pulis ang dawit sa ilang kaso ng pagabuso at harassment sa kababaihan mula July 2016 to December 2018. Mayroon ding 35 state-perpetrated cases of violence against women. At sa 35 na kasong ito, 13 involved victims are 17 years old and below. The monitored abuses fall into the following forms: catcalling, harassment, sexual harassment, other forms of sexual abuse, physical assault, acts of lasciviousness, blackmailing, trafficking and rape.

Bukod sa kultura ng rape na laganap sa ating lipunan, hindi rin ligtas ang kababaihan sa panunupil at pampulitikang atake mula sa Estado. Talamak ang patayan sa porma ng Oplan Tokhang sa kalunsuran, at Executive Order No. 70, Memorandum Order No. 32, at martial law sa kanayunan. Patuloy din ang pananakot, illegal arrests, at pagsasampa ng gawa-gawang kaso sa mga progresibong kababaihan.

As of November 2018, 2,000 ang iligal na inaresto at idinetena dito sa Pilipinas. As of 2019, pumalo na sa 540 ang political prisoners, 204 ay inaresto sa ilalim ng administrasyon ni Presidente Duterte, 45 ay kababaihan, at 120 ang may sakit at matanda na. Ngunit tulad din ng mga makasaysayang pakikibaka sa iba't ibang bahagi ng mundo, nananatiling inspirasyon ang kababaihang tumitinding at lumalaban sa kabila ng lalong tumitinding pasismo sa bansa. Kilalanin natin ang mga mukha ng mga progresibong kababaihang walang takot na nakikibaka para sa ating bayan.

Si Cora Agovida ay Chairperson ng GABRIELA Metro Manila. Bilang tagapagsalita ng GABRIELA Metro Manila, gamit ni Cora ang kaniyang boses upang isulong ang interes ng kababaihan, lalo na ng babaeng maralita. Isa siya sa mga nanguna sa mga kampanya laban sa pagtaas ng presyo ng mga bilingin dahil sa TRAIN Law o Tax Reform for Acceleration and Inclusion Law, inflation, oil price hike, at water interruption sa Metro Manila. Noong umaga ng Oktubre 31, 2019, habang natutulog pa ang pamilya ni Cora sa kanilang bahay sa Paco, Manila, pinasok sila ng 10 pinagsamang ahente ng NCR Police Office sa bisa ng arrest warrant. Pinadapa sa sahig sina Cora, ang kaniyang asawa na si Michael Bartolome, ang dalawa nilang anak at isang tagaalaga. Nakasulat sa search warrant ang pagkakasala umano nila ni Michael ay paglabag sa RA 10591 o illegal possession of firearms, ammunitions, and explosives. Pati dalawang anak nila, pwersahan ding kinuha. Ang isa ay two-year-old na kailangang padedehin pero isang buong araw ang lumipas bago pumayag ang PNP na makarga ni Cora ang kaniyang anak at mapainom ng gatas. Nananatiling nakakulong si Cora Agovida pati ang kaniyang asawa sa Manila Police District dahil sa trumped-up charges na isinampa ng PNP.

Si Anne Krueger ay isang community journalist at miyembro ng Paghimutad, isang Negros-based community media outfit. October 31, 2019, nang iligal

na inaresto si Anne kasama ang 61 pang aktibista at human rights workers matapos ang magkakasunod na pag-raid ng kapulisan sa Negros sa mga opisina at bahay ng mga progresibong organisasyon sa Bacolod City. Inaresto si Anne sa opisina ng GABRIELA-Negros, matapos taniman ng mga pulis ng baril ang paligid para idiin si Anne sa gawa-gawang kaso ng illegal possession of firearms. Pansamantalang nakalaya si Anne Krueger sa bisa ng bail.

Si Vicky Tauli-Corpuz ay isang UN Special Rapporteur on Indigenous Peoples' Rights mula 2014. Siya ang unang Pilipina na nakakuha ng Special Rapporteur post sa United Nations. Noong 2018, isinama ang pangalan ni Vicky sa listahan ng Department of Justice bilang miyembro ng Communist Party of the Philippines at New People's Army. Ayon sa petisyon ng Department of Justice, hinihingi nila na maideklarang terorista si Vicky Tauli-Corpuz at iba pang 600 na kasama sa listahan. Ang tanging basehan ng gobyerno sa pagre-red-tag kay Vicky Tauli-Corpuz ay dahil kritikal ito sa anti-mamamayan at anti-katutubong polisiya ng Duterte administration. Ayon kay UN Special Rapporteur, libu-libong katutubo ang puwersahang pinaalis sa kani-kanilang kabahayan sa Mindanao. Nanawagan siya na itigil na ang karahasan sa ating katutubo dulot ng lumalalang military operations sa kanilang lugar.

Si Baby Senobio ay isang aktibista at lider-magsasaka sa Northern Samar. Noong 2017, naging spokesperson siya ng Northern Samar Small Farmers Association o NSSFA, isang broad peasant alliance na naglantad ng malawakang pest infestation sa coconut at abaca crops. Sa kabila nito, wala silang natanggap na kahit anong tulong sa gobyerno, at sa halip, lalo pang tumindi ang militarisasyon sa kanilang komunidad maging sa mga eskuwelahan. Mula ng siya ay makilahok sa mga kilos protesta, dialogue, at mga pambansang kampanya, naging target na siya ng harassment, red-tagging, at pananakot mula sa Armed Forces of the Philippines. Sa katunayan, pinuwera pa ng 20th Infantry Battalion Philippine Army ang Municipal Peace and Order Council na ideklara siyang *persona non grata* sa kanilang lugar kung saan siya nakatira kasama ang kaniyang anim na anak.

Si Arlene Panea ay isang caregiver na nagtrabaho bilang tagapag-alaga kay Wilma Tiamzon, isang consultant ng National Democratic Front of the Philippines. Noong March 22, 2014, inaresto siya sa Cebu kasama ang mag-asawang Wilma at Benito Tiamzon. Inaresto sila dahil sa illegal possession of firearms and explosives kahit ang mga dala lamang nila ay ang kanilang alagang aso at pusa. Inakusahan din siya na pinagtatakan at itinatago ang mag-asawang Tiamzon.

Si Miradel Torres ay miyembro ng Gabriela at isang aktibistang pesante. Iligal siyang inaresto noong June 20, 2014 sa Lucena ng pinagsamang puwersa ng PNP-

SWAT team, CIDG at AFP. Siya ay apat na buwang buntis nang siya ay hulihin at muntik nang makunan. Inilipat siya sa Taguig City Jail at Camp Bagong Diwa kung saan doon na siya nanganak. Sinampahan siya ng gawa-gawang kaso dahil di umano sa koneksyon niya sa NPA.

Noong July 23, 2019, napalaya si Miradel at tuluyang na-acquit. Nakauwi man siya sa kaniyang mga anak, patuloy pa rin ang kaniyang pakikibaka para sa pagpapalaya sa kaniyang asawa na sinampahan din ng gawa-gawang kaso.

Si Myles Albasin ay isang lider-estudyante mula sa University of the Philippines-Cebu. Naging Secretary General siya ng Nagkahiusang Kusog Estudyante at naging katuwang sa pagtatag ng Anakbayan Chapter sa UP Cebu. Noong March 3, 2018, hinuli si Myles at lima pang kasama sa Mabinay, Negros Oriental habang nagsasagawa ng social research tungkol sa kalagayan ng mga pesante sa Negros. Sinampahan siya ng illegal possession of firearms and explosives at kasalukuyang nakakulong sa Bais City Jail.

Mr. Speaker, aking mga kapwa Kinatawan, ito ang larawan ng kababaihang walang takot na hinarap ang hamon ng lipunan. Iba't ibang mukha, iba't ibang kuwento, ngunit pare-parehong biktima ng panunupil ng Estado sa mga progresibong indibidwal. Sila ang patunay na ang lugar ng kababaihan ay hindi lamang sa tahanan kung hindi nasa pakikibaka.

Ang International Day for the Elimination of Violence Against Women ay paggunita sa katapangan at kagitingan nina Cora Agovida, Anne Krueger, Vicky Tauli-Corpuz, Baby Senobio, Arlene Panea, Miradel Torres, Myles Albasin at iba pang progresibong indibidwal na humaharap sa hamon ng ating panahon: ang paglaban upang makamit ang tunay na demokrasya at soberanya para sa babae, bata at bayan.

Ang Gabriela Women's Party, kasama ang malawak na hanay ng masa, ay patuloy na magmamartsa hanggang sa tuluyan nang maging malaya ang sambayanan mula sa panggigipit at pananamantala.

Maraming salamat, Mr. Speaker. Magandang hapon sa ating lahat.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we extend the Privilege Hour for another 30 minutes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Is there any objection? (*Silence*) The Privilege Hour is hereby extended.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we recognize Hon. Sarah Elago of the KABATAAN Party-List for her manifestation.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Hon. Sarah Elago is recognized for her manifestation.

REP. ELAGO. Maraming salamat, G. Ispiker.

Kung mamarapatin po ng ating Kinatawan mula sa GABRIELA, mayroon lamang po akong isang katanungan hinggil sa ating pagsusulong ng mga eskuwelahan, ng komunidad, ng bansa na malaya sa anumang porma ng abuso at ng karahasan. Maaari po bang tumanggap ang ating Kinatawan ng isang paglilinaw mula sa Kinatawan ng mga kabataan?

REP. PALMA. Mr. Speaker, before we continue, may I withdraw my motion for ...

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. ... the recognition of Hon. Sarah Elago for a manifestation, but I move that she be recognized for her interpellation.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Honorable Elago is recognized for her interpellation.

REP. ELAGO. Thank you, Mr. Speaker.

May we know the efforts of the Representation from GABRIELA with regard to pursuing violence-free schools and campuses in the Philippines.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, may I request the Lady from the KABATAAN Party-List to repeat her question.

REP. ELAGO. Mr. Speaker, kumusta po ang kampanya laban sa karahasan sa mga babae at bata sa mga eskuwelahan? Ito po ay itinatanong ko, G. Ispiker, dahil karaniwan po, naiulat na walang matakbuhan o kaya naman, kung mag-uulat ng ganitong mga kaso ng karahasan ang mga estudyante maski ang mga guro, ang mga miyembro sa loob ng mga komunidad sa eskuwelahan, sila po ay walang matakbuhan, walang malapitan, o kaya, hindi napapakinggan. Ano po ba ang kasalukuyang estado ng ating mga interbensyon sa mga eskuwelahan pagdating sa paglaban sa VAWC?

REP. BROSAS. Mr. Speaker, sa kasalukuyan po ay mayroon tayong RA 9262 na pinangunahan natin na maisabatas. Mula sa GABRIELA Women's Party, naging bahagi po tayo sa matagal na kampanya para maisabatas ang Anti-Violence Against Women and Their Children Act.

Ngayon po, sa kasalukuyan, ang implementasyon ay pinare-review na rin natin sa iba't ibang mga rehiyon sa ating bansa para makita natin iyong aktuwal na naging pakinabang sa implementasyon nito. Apparently, marami-rami na po sa ilang mga nakausap natin mula

sa Marikina, Antipolo, na hindi ganoon kaganda ang sitwasyon para sa pag-iimplementa ng batas mismo. Marami ang hindi nakakaunawa—mula sa ating mga kapulisan hanggang sa barangay, hanggang sa lahat ng nagbibigay ng mga iba't ibang interbensyon kaugnay dito.

So, necessary po na palakasin or magkaroon ng mga amendments, amyenda, kaugnay sa ilang mga batas na nagpoprotekta pa sa ating mga kababaihan at bata.

Kung partikular naman po sa mga eskuwelahan, kagaya ng inyong tanong, ang mga eskuwelahan naman po, ang mga institusyon, partikular, ay may kani-kaniyang CODI or may mga tinatawag tayo na kung saan dinidinig iyong mga usapin ng sexual harassment at iba't ibang mga cases ng mga kabataan.

Iyon iyong mayroon tayo sa kasalukuyan, pero maganda pong mas paigtingin iyong edukasyon, iyong edukasyon sa mga kabataan kaugnay dito. Kaya ang mga naging ilan sa mga naging effort ng GABRIELA Youth, partikular ay magkampanya para sa iba't ibang mga batas na tungkol sa anti-sexual harassment, tungkol sa violence against women and children, Safe Spaces Act, and iba't ibang batas na kasalukuyan ay maaaring magamit bilang remedies ng ating mga kabataan sa kasalukuyan panlaban sa pagsasamantala sa kanila.

REP. ELAGO. G. Ispiker, tunay nga na mayroon tayong mga sapat na bilang ng legislasyon pagdating sa pagtatanggol ng karapatan ng mga kababaihan at ng bata, ngunit marami pang hamon pagdating sa implementasyon at pagtitiyak na mayroong substantial na pondo ang mga batas na ito at mga kaukulan at kaugnay na mga programa at mga proyekto.

Nais ding magpaabot, G. Ispiker, ng Representasyon na ito mula sa KABATAAN, ang kaniyang pakikiisa sa Party-List ng GABRIELA, at gayundin sa lahat ng mga namumuno ngayong araw sa observance ng National Consciousness Day to Eliminate Violence Against Women, at sa buong mundo, lahat ng kumikilala at nagtatanggol sa kasaysayan at sa mga dapat pang pagtagumpayan ng #IDEVAW at sa buong mundo na nakikiisa sa #16DaysOfActivism to eliminate violence against women. Dito po sa Pilipinas, mayroon tayong plus two; hindi lang 16 days pero 18 days of activism para po tiyakin na malaya sa anumang porma ng abuso at ng karahasan laban sa mga babae at bata, lalo na ang mga batang babae dito sa ating bansa. Hinihikayat din natin ang ating mga kapwa Mambabatas na sumama sa panata laban sa karahasan. We vow to end VAW. Kasama niyo po ang Party-List ng KABATAAN dito.

Maraming salamat, G. Ispiker.

Mabuhay po ang mga kababaihan na makabayan at lumalaban!

REP. BROSAS. Thank you, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The Majority Leader is recognized.



REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we refer the speech of Hon. Arlene Brosas and the interpellation thereon to the Committee on Rules for appropriate action.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

REP. PALMA. Mr. Speaker, there being no other Member who wishes to avail of the Privilege Hour, I move that we terminate the Privilege Hour.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the Privilege Hour is hereby terminated.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I would like to greet the guests of Hon. Glona G. Labadlabad of the Second District of Zamboanga del Norte. They are her Congressional staff and they are in the gallery. May we acknowledge the presence of the Congressional staff of Honorable Labadlabad. (*Applause*)

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The presence of the guests of Congresswoman Labadlabad is acknowledged. Thank you for your visit. Welcome to the House of Representatives. (*Applause*)

The Majority Leader is recognized.

#### SUSPENSION OF SESSION

REP. PALMA. I move to suspend the session, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The session is suspended.

*It was 5:51 p.m.*

#### RESUMPTION OF SESSION

*At 5:52 p.m., the session was resumed.*

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The session is resumed.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that the Bill approved on Third Reading earlier be immediately transmitted to the Senate for their action.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none;

the Secretary General will immediately transmit the Bill approved on Third Reading to the Senate.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we proceed to the Additional Reference of Business.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The Secretary General will read the title of the Resolution on First Reading.

#### ADDITIONAL REFERENCE OF BUSINESS

*The Secretary General read the following House Resolution on First Reading and the Deputy Speaker made the corresponding reference:*

#### RESOLUTION

House Resolution No. 552, entitled:

“A RESOLUTION RESPECTFULLY URGING THE COMMISSION ON ELECTIONS (COMELEC) TO ISSUE THE CERTIFICATE OF PROCLAMATIONS (COPs) TO THE RESPECTIVE FIRST NOMINEES OF THE PARTY LISTS SENIOR CITIZEN AND DUTERTE YOUTH REPRESENTING THE LASTTWO REMAINING SEATS ALLOCATED TO PARTY LIST REPRESENTATIVES IN ACCORDANCE WITH THE 1987 PHILIPPINE CONSTITUTION”

By Representatives Cayetano (Alan Peter), Romualdez (Ferdinand), Abante, Romero, Defensor (Michael), Singson, Marcoleta, Salo, Lim, Estrella, Lusotan, Tulfo, Taduran, Garbin, Pineda, Ong (Ronnie) and Herrera-Dy  
TO THE COMMITTEE ON RULES

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). The Majority Leader is recognized.

#### ADJOURNMENT OF SESSION

REP. PALMA. Mr. Speaker, there being no more agenda, I move that we adjourn the session until three o'clock of November 26, tomorrow.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Garcia, P.). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the session is adjourned until tomorrow, Tuesday, November 26, 2019, at three o'clock in the afternoon.

*It was 5:53 p.m.*